# SI MARIA, ANG INA NI HESUS (BAHAGI 2 NG 2): ANG PAGSILANG NI HESUS

**Marka:**

**Paglalarawan?:** Inilalarawan sa artikulong ito ang nangyari kay Maria nang siya ay mapasailalim sa pangangalaga ng propetang si Zachariah. Nakasaad dito kung paano inihayag ng anghel na si Gabriel ang pagsilang ng isang espesyal na sanggol, kung paano siya nagdalangtao sa sanggol, at ikinuwento ang ilan sa mga himalang naganap sa panahong isinilang si Jesus.

**Kategorya:** Mga Artikulo Paghahambing ng Relihiyon Maria

**Kategorya:** Mga Artikulo Mga Paniniwala ng Islam Mga kwento ng mga Propeta

**Ni:** Aisha Stacey (© 2008 IslamReligion.com)
**Nailathala noong:** 24 Aug 2020
**Huling binago noong:** 05 Oct 2008

Pinahahalagahan at minamahal ng lahat ng mga Muslim at kilala bilang isang relihiyosa at taimtim na babae, si Maria, ang ina ni Hesus na pinili sa lahat ng iba pang kababaihan. Tinatanggihan ng Islam ang ideya ng Kristiyano na si Hesus ay bahagi ng trinidad na siyang Diyos, at mariing itinatanggi na alinman kay Hesus o ang kaniyang inang si Maria, na sila'y karapat-dapat na sambahin. Isinasaad sa banal na Quran na katiyakang walang ibang Diyos maliban kay Allah.

***"Iyan si Allah, ang inyong Panginoon! Walang ibang Diyos na karapat-dapat sambahin maliban sa Kaniya, ang Tagapaglikha ng lahat ng bagay. Kaya, sambahin Siya ..." (Quran 6:102)***

Gayunman, kinakailangan na ang mga Muslim ay maniwala at mahalin ang lahat ng mga propeta, kabilang na ang propetang si Hesus, na may pinanghahawakang katangi-tanging katayuan sa doktrina ng Islam. Ang kaniyang ina, na si Maria, ay mayroong marangal na ginagampanan. Noong siya ay dalaga pa, si Maria ay nagpupunta sa Bahay-Panalanginan sa Herusalem, ang buong buhay niya ay kaniyang iniaalay sa pagsamba at paglilingkod sa Diyos.

## Nadinig ni Maria ang Balita Tungkol kay Hesus

Habang siya ay nakabukod mula sa mga tao, isang lalaki ang nagpakita sa harapan ni Maria. Sinabi ng Diyos:

***"Pagkaraan siya ay naglagay ng isang tabing mula sa kanila [upang siya ay mapag-isa]; Kami ay nagpadala sa kaniya ng Aming Banal na Espiritu, {Ang Anghel na si Gabriel}, at ito ay nagpakita sa kaniya sa anyo ng isang ganap na lalaki." (Quran 19:17)***

Natakot si Maria at nagtangkang tumakas. Nagsumamo siya sa Diyos na kaniyang sinabi:

***“Katotohanan! Ako ay nagpapakupkop sa Pinaka Mahabaging (Diyos) mula sa iyo, kung ikaw ay tunay na may takot sa Diyos. Ang anghel ay nagsabi: “Ako ay isang sugo lamang ng iyong Panginoon na napag-utusan upang igawad sa iyo ang magandang balita ng isang pinagkakapuring anak na lalaki.” (Quran 19:18-19)***

Si Maria ay namangha at napaisip sa mga salitang ito. Wala pa siyang asawa, sa halip ay isang birhen na pinangangalagaan ang puri. Siya ay nagtanong ng may pag-aalinlangan:

***“‘O Aking Panginoon! Paano po ako magkakaroon ng anak gayong wala namang lalaking sumaling sa akin?' Kaniyang sinabi, “Ito’y (mangyayari nga): sapagkat si Allah ay lumilikha ng anumang Kaniyang maibigan: Kapag Kaniyang itinakda ang isang pangyayari, Kaniyang sasabihin lamang dito: 'Maging' - at mangyayari nga.” (Quran 3:47)***

Nilikha ng Diyos si Adan mula sa alabok ng mundo, nang walang ina o ama. Nilikha Niya si Eba mula sa tadyang ni Adan; at si Hesus, siya ay nilikha na walang ama, subali’t mayroong ina, ang relihiyosa na si Birheng Maria. Ang Diyos, na magsasabi lamang na 'Maging' sa isang bagay upang ito ay umiral,, ay inihip ang Espiritu ni Hesus kay Maria sa pamamagitan ng anghel na si Gabriel.

***“At siya ay Aming inihipan dito[1] mula sa Aming Espiritu [sa pamamagitan ng Anghel na si Gabriel], at siya ay nagpatotoo sa katotohanan ng mga Salita ng Kaniyang Panginoon ...” (Quran 66:12)***

Bagama't maraming pagkakapareho na aspeto ang mga kuwento tungkol kay Maria mula sa Quran at sa Biblia, ang pananaw na si Maria ay ipinagkatipan o ikinasal ay lubos na tinanggihan ng Islam. Lumipas ang panahon, at si Maria ay nagkaroon ng pangamba sa sasabihin ng mga tao sa kaniyang paligid. Inisip niya kung paano sila maaaring maniwala na walang taong gumalaw sa kanya. Ang karamihan ng mga pantas ng Islam ay sumasang-ayon na ang itinagal ng pagbubuntis ni Maria ay normal. [2] At, nang oras na para siya ay manganak, nagpasiya si Maria na lisanin ang Herusalem, at naglakbay patungo sa lungsod ng Betlehem. Kahit na naalala ni Maria ang mga salita ng Diyos, kahit malakas at di-natitinag ng kaniyang pananampalataya, nababagabag at balisa pa din ang dalagang ito. Ngunit tiniyak sa kanya ng anghel na si Gabriel:

***“O Maria, katotohanan ang Diyos ay nagbibigay sa iyo ng magandang balita ng isang salita mula sa Kaniya na ang kaniyang pangalan ay Mesiyas, si Hesus, ang anak ni Maria. At siya ay pararangalan sa mundong ito at sa kabilang buhay at siya ay mabibilang sa mga malalapit sa Diyos.” (Quran 3:45)***

# Si Hesus ay Isinilang

Ang sakit ng panganganak ang nagtulak sa kaniya upang mapakapit sa katawan ng isang puno ng palmera at siya ay sumigaw sa hapis:

***“Sana ako ay namatay na bago pa man dumating ang pangyayaring ito at ako ay nabaon sa limot!” (Quran 19:23)***

Isinilang ni Maria ang kaniyang sanggol doon mismo, sa paanan ng isang puno ng datiles. Siya’y latang-lata matapos na manganak, at puno ng pagkabalisa at takot, ngunit gayon paman nakarinig siya ng tinig na tumatawag sa kanya.

***Huwag kang malungkot! Sa katunayan, ang iyong Panginoon ay gumawa ng isang umaagos na bukal ng tubig sa bahaging ibaba ng iyong paanan; at yugyugin mo ang puno ng datiles papunta sa iyo; ihuhulog nito sa iyo ang hinog na sariwang bunga ng-datiles, kaya ikaw ay kumain at uminom at masiyahan...” (Quran 19:24)***

Ang Diyos ay nagbigay ng tubig kay Maria, dahil may biglang lumitaw na isang sapa sa ilalim ng lugar na kaniyang kinauupuan. Siya rin ay nagbigay sa kaniya ng pagkain; ang kailangan lamang niyang gawin ay yugyugin ang puno ng datiles. Si Maria ay takot at nangingilabot; sobra nanghihina, nang dahil sa kaniyang panganganak, kaya’t paano niya makakayananng yugyugin ang malaking katawan ng puno ng datiles? Subali’t ang Diyos ay patuloy na nagbigay kay Maria ng panustos.

Ang sumunod na kaganapan ay talaga namang isa pang himala, at bilang mga tao malaki ang matututunan nating aral mula dito. Hindi na kinailangang yugyugin ni Maria ang puno ng datiles, na kung saan ito ay imposible; Kinailangan lang niyang gumawa ng konting pagsisikap. Habang sinusubukan niyang sundin ang kautusan ng Diyos, ang mga sariwa at hinog na datiles ay nahulog mula sa puno at sinabi ng Diyos kay Maria: **"...kumain, uminom at masiyahan.”** (Quran 19:26)

Ngayon ay kailangan ng kunin at dalhin ni Maria ang kaniyang bagong silang na sanggol at bumalik upang harapin ang kaniyang pamilya. Siyempre siya ay takot, at ito’y batid din ng Diyos. Kaya't inutusan Niya itong huwag magsalita. Hindi magiging posible para kay Maria na ipaliwanag kung paano siya biglang naging ina ng isang bagong silang na bata. Sapagkat wala nga siyang asawa, hindi maniniwala ang kaniyang mga kasamahan sa kaniyang paliwanag. Sinabi ng Diyos:

***“At kung ikaw ay makakita ng sinumang tao, ito ang iyong sabihin: 'Katotohanan! Ako ay nagpanata ng isang pag-aayuno [bilang pagsunod] sa Pinaka Mahabagin (Diyos) kaya ako ay hindi makikipag-usap sa sinumang tao sa araw na ito.’” (Quran 19:26)***

Dumating si Maria sa kaniyang mga kasamahan na dala-dala ang bata, at agad nila siyang pinaratangan; bulalas nila "Ano ang nagawa mo? Ikaw ay mula sa isang mabuting pamilya, at ang iyong mga magulang ay relihiyoso."

Tulad ng utos ng Diyos sa kaniya, hindi nagsalita si Maria, itinuro lang niya ang sanggol sa kaniyang mga bisig. At si Hesus, na anak ni Maria, ay nagsalita. Bilang bagong silang na sanggol, si Hesus, ang propeta ng Diyos ay isinagawa ang kaniyang unang himala. Sa kapahintulutan ng Diyos Kaniyang sinabi:

***"Katotohanan! Ako ay alipin ng Diyos. Kaniyang ipinagkaloob sa akin ang banal na Kasulatan at ako ay Kaniyang ginawang isang Propeta; at ako ay Kaniyang pinagpala saan man ako naroroon, at itinagubilin sa akin ang pagdarasal, at kawanggawa, habang ako ay nabubuhay, at ako ay ginawang masunurin sa aking ina at ako ay hindi Niya ginawang malupit, hindi lapastangan. At ang kapayapaan ay mapasaakin sa araw na ako ay ipinanganak. At sa araw na ako ay mamamatay at sa araw na ako ay muling bubuhayin!" (Quran 19:30-34)***

Si Maria ay tinukoy sa Quran (5:75) bilang isang *siddqa* (isang makatotohanan) nguni't ang salitang Arabe na *siddiqa* ay nagpapahiwatig ng higit pa sa pagsasalita lamang ng katotohanan. Nangangahulugan ito na ang isang tao ay nagtamo ng napakataas na antas ng kabutihan. Ang ibig sabihin nito ay totoo ang isang tao, hindi lamang sa kanilang sarili at sa mga nakapaligid sa kanila, kundi maging sa Diyos. Si Maria ay isang babae na tumupad sa kaniyang kasunduan sa Diyos, na kaniyang sinasamba na may lubos na pagpapasakop. Siya ay relihiyosa, dalisay, at taimtim; ang babaeng pinili sa lahat ng iba pang kababaihan na maging ina ni Hesus ay si Maria, ang anak na babae ni Imran.

---

Mga talababa:

[1] Ipinaliwanag ito sa komentaryo bilang laylayan ng kaniyang kasuotan, bagama't ang talata mismo ay tumutukoy sa "kaniyang kadalisayan" (i.e. pag-iingat sa kaniyang sarili mula sa kalalakihang nais mag-asawa). Kaya't ang Diyos ay umihip sa kaniyang pinaka-iingatan sa pamamagitan ng anghel na si Gabriel.

[2] Sheikh al Shanqeeti in (*Adwaa' al-Bayaan*, 4/264)

Ang web address ng artikulong ito:

https://webcache001.islamreligion.com/tl/articles/1399/si-maria-ang-ina-ni-hesus-bahagi-2-ng-2

Copyright © 2006-2020. Lahat ng mga karapatan ay inilaan. © 2006 - 2026 IslamReligion.com. Lahat ng mga karapatan ay inilaan.